# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 01, 2021, LUNES, IKA-09:21 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ...... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ...... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ...... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ...... | Kagawad |

RECORDED 2 FEB 2021 Sangguniang Bayan Office, Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SB RELEASED NAME DATE 2-4-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 017-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 50-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 011-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG DAA'T APAT NA LIBO LIMANG DAAN PITUMPU'T ISANG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P204,571.60) PARA SA 10 BAHAGDANG PONDONG PANGKABATAAN (10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND) NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang halagang P204,571.60 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkabataan ng nabanggit na barangay sa taong 2021.

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa kabataan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia s. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 50-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 011-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P204,571.60 para sa 10 bahagdang pondong pangkabataan (10% Sangguniang Kabataan Fund) ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.** **Pebrero 01, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan